Hindi mag-iiwang ang isa sa inyo ng mababa sa tatlong bato."}

Ayon kay Salmān (malugod si Allāh sa kanya): {Nagsabi siya: "Nagsabi sa amin ang [isa sa] mga tagapagtambal: "Tunay na ako ay nakakikita sa kasamahan ninyo na nagtuturo sa inyo hanggang sa magturo siya sa inyo ng pagpapalikuran." Nagsabi siya: "Siya nga. Tunay na siya ay sumaway sa amin na mag-iwang ang isa sa amin sa pamamagitan ng kanang kamay niya o humarap sa qiblah. Sumaway siya laban sa [pag-iwang ng] dumi at buto [ng hayop]. Nagsabi siya: Hindi mag-iiwang ang isa sa inyo ng mababa sa tatlong bato."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagsabi si Salmān Al-Fārisīy (malugod si Allāh sa kanya): Nagsabi sa amin ang [isa sa] mga tagapagtambal bilang pangungutya: "Tunay na ang Propeta ninyo ay nagtuturo sa inyo ng bawat bagay hanggang sa magturo siya sa inyo kung papaano kayong tutugon sa tawag ng kalikasan ninyo ng pag-ihi o pagdumi!" Kaya nagsabi si Salmān: "Oo. Nagturo siya sa amin ng mga etiketa ng pagtugon sa tawag ng kalikasan. Kabilang doon na siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay sumaway sa amin na maghugas kami [ng dumi] matapos ng pagtugon ng tawag ng kalikasan sa pamamagitan ng kanang kamay bilang pangangalaga para rito laban sa karumihan at bilang pagpaparangal, o humarap kami sa dako ng Ka`bah sa sandali ng pag-ihi o pagdumi. Sumaway siya laban sa pag-iwang ng dumi ng mga hayop, mga inilalabas ng mga ito, at buto ng mga ito; at na hindi magkasya ang dumumi sa pag-iwang ng higit na kaunti sa tatlong bato."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10048